

# GABAY SA PAGTUGON SA POOT AT DISKRIMINASYON

# GABAY SA PAGTUGON SA POOT AT DISKRIMINASYON

## Pangkalahatang-Ideya

Sa kasalukuyang sitwasyon ng COVID-19, maraming sa komunidad ng Asyano-Canadian ang nakaranas ng mga insidente ng poot at diskriminasyon. Ang gabay na ito ay maglalaan ng maikling pangkalahatang-ideya para sa mga miyembro ng komunidad tungkol sa kahulugan ng mapopoot na aktibidad at diskriminasyon. Meron din na nakalaang materyal upang tugunin ang ganitong aktibidad.

Ang mga biktima ng poot ay mga tao o grupo dahil sa kanilang tunay o nahiwatigan lahi, nasyonalidad o etnisidad, wika, kulay ng balat, relihiyon, kasarian, eded, mental o pisikal na kapansanan, oryentasyong sekswal o anumang iba pang mga katulad na kadahilanan.

## Ano ang Mapoot na Aktibidad?

Ang mga mapopoot na aktibidad ay pinaghati sa dalawang klasipikasyon: mga insidente ng poot at mga krimen ng poot. Sila ay maaaring tukuyin sa mga sumusunod:

**Insidente na poot:** Ang mga salita o kilos na nagpapahayag ng pagkiling o poot laban sa mga pinuntirya na mga tao o mga grupo. Ang mga kilos na ito ay madalas hindi kriminal.

**Mapoot na krimen:** Mga krimen na nagawa laban sa tao o pag-aari, ginanyak sa pagkiling o prejudice, dahil sa tunay o nahiwatigan na lahi, nasyonalidad o etnisidad, wika, kulay ng balat, relihiyon, kasarian, edad, mental o pisikal na kapansanan, oryentasyong sekswal o anumang iba pang mga tulad na kadahilanan. Kahit na hindi pormal na ipinaliwanag sa Kriminal na Koda ang “mapoot na krimen”, ang mga sumusunod na pagkakasala sa krimen ay partikular na nauugnay sa poot:

1. Nagsusulong para sa pagpatay ng lahi (Seksyon 318)
2. Pag-uudyok ng poot sa pampublikong lugar na maaaring humantong sa paglabag sa kapayapaan (pampublikong pag-udyok ng poot at mapoot na pagsasalita) (Seksyon 319.1)
3. Sadyang pagtaguyod ng kapootan laban sa partikular na grupo (Seksyon 319.2)
4. Kalokohan na ginanyak ng poot na may kaugnay sa pag-aari na pangunahing ginagamit sa relihiyoso na pagsasamba o pag-aari na gamit ng mga nakikilalang grupo (Seksyon 430.4.1)

Kabilang sa iba pang mga kriminal na opensya na maaaring kasangkot sa mga kilos na naiudyok ng poot [Assaults/Pag-atake] (seksyon 265), Pagsasalita ng mga Banta (seksyon 264.1(1)), Nagdudulot ng Kaguluhan (section 175 (1)), at Pang-aabuso na Kriminal (seksyon 264 (1)).

## **Kilos ng Diskriminasyon**

Maaaring isama sa mga kilos ng diskriminasyon ang hindi patas na pagtrato sa lugar ng trabaho, mga pampublikong lugar, at pabahay dahil sa lahi, kulay ng balat, relihiyon, kasarian, oryentasyong sekswal, o edad. Bagama't ito ay maaaring paglabag sa panlalawigang lehislasyon para sa Karapatang Pantao, ito ay hindi opensyang kriminal (maliban kung merong may mas seryosong kilos tulad ng pag-atake, pagbantas, kriminal na panliligalig, at iba pa). Sa ilalim ng Kodigo ng Karapatang Pantao ng Ontario, ang mga aktibidad base sa diskriminasyon ay maaaring humantong sa mga reklamo sa Tribunal ng Karapatang Pantao ng Ontario, na mayroong malawak na kapangyarihan na mapanghusga at magpataw ng mga remedial utos kabilang ang pinansyal na multa.

### **Ano ang dapat gawin kapag ikaw ay nakaranas ng pagkilos na poot o diskriminasyon?**

- Palaging maging tiyak na ikaw ay ligtas bago kumilos.
- Ang kalusugang pangkaisipan ay mahalaga! Ibahagi ang iyong mga karanasan sa iyong mga kaibigan, kapamilya, at ibang mga tao o grupo na sumusuporta at huwag matakot na sumandig sa kanila. Maglaan ng oras para pangagalaga sa sarili.
- Humingi ng tulong medikal (kung kinakailangan), at kung komportable kang gawin ito, iulat ang mga biyolente o mga insidente na kriminal sa pulis.
- Kung naniniwala ka na ang insidente ay base sa poot o bias, tiyaking isama ito sa iyong ulat.
- Mangolekta ng ebidensya tulad ng mga litrato at bidyo kung posible (at kung ligtas na gawin ito).

### **Kung ikaw ay isang saksi:**

- Alalahanin na siguraduhin na ikaw at ang iba ay ligtas muna bago kumilos. Kung sa tingin mo na dapat isangkot ang pulis, pag-isipan din kung ang isang marginalized o racialized na tao ay nag-aalala tungkol dito.
- Maging isang kaalyado, hindi lamang isang nanonood- humanap ng ligtas at epektibong paraan para makatulong, sa pamamagitan ng pagtanong sa biktima kung ayos lang sila, o sa pamamagitan ng pagwawasto ng mga maling aktibidad.
- Suportahan ang mga taong kilala mo na naapektuhan ng poot o diskriminasyon sa pamamagitan ng paglalaan ng oras na samahan sila, makinig sa kanila, at ipaalam mo sa kanila na hindi sila nag-iisa.

### **Diskriminasyon sa Online:**

- Suriin ang mga patnubay sa komunidad ng social media para sa kanilang mga pamamaraan ng pag-uulat.
  - Halimbawa: Facebook's Community Standards ay hindi pinapayagan ang poot na pananalita. Kung ikaw ay nakakita ng ganitong pananalita, maaari mong i-ulat ito at hilingin ang Facebook na tanggalin ito.
- I-ulat ang insidente sa kani-kanilang plataporma sa social media.
- I-ulat at hilingin na alisin ang content na nagpapahiwatig ng diskriminasyon.

### **Poot o diskriminasyon sa trabaho o paaralan:**

- I-ulat ang insidente sa departamentong Human Resources (kung naaangkop) o sa administrasyon ng paaralan.
- Kung ikaw ay bahagi ng unyon, i-ulat ang iyong mga pagkabahala sa kinatawan ng unyon.
- Kung hindi mo alam kung anong gagawin, makipag-usap sa isang abogado tungkol sa iyong ligal na mga karapatan.
  - Ang Sentro ng Suporta sa Ligal na Karapatang Pantao ([Human Rights Legal Support Centre](#)) ay nagbibigay ng libreng ligal na suporta sa mga taong nakaranas ng diskriminasyon sa ilalim ng Kodigo ng Karapatang Pantao ng Ontario.

## Maaari ring mag-ulat ng kilos na poot o diskriminasyon sa komunidad ng relasyon sa lahi o pangkat ng suporta.

- I-ulat ang mga poot na krimen sa Canadian Anti-Racism Network: <https://stopracism.ca/reportfrm.php>
- I-ulat ang mga insidente sa paraan ng teksto sa linya ng pag-ulat ng text-message ng ACT2endracism, magagamit sa Ingles, Pranses, Tsino, Hapon, Koreano, Vietnamese, at Tagalog: 1-587-507-3838
- Maraming munisipalidad sa Ontario na may mga pangkat na nagpapayo sa mga [race-relations advisory] grupo na nagtatrabaho sa pagpapatupad ng batas upang matugunan ang mga isyu ng poot sa kanilang mga komunidad.
  - Halimbawa, ang lungsod ng Thunder Bay ay mayroong [Anti-Racism and Respect Advisory Committee]
  - Suriin ang iyong mga lokal na ahensya na nagpapatupad ng batas para sa mga katulad na samahan sa iyong komunidad.
- Anonimong tips ay maaaring i-ulat sa Crime Stoppers sa [crimestoppers.ca](http://crimestoppers.ca) o sa libreng linya ng telepono numero: 1-800-222-8477.
- Kung ikaw ay naninirahan sa Toronto o sa pook ng GTA, ang Pambansang Konseho ng Tsino-Canadian - Pangkat ng Toronto ay may online survey kung saan pwedeng i-ulat ang mga insidente ng racism at diskriminasyon: [www.covidr racism.ca](http://www.covidr racism.ca)
- Ibahagi ang iyong kwento: <https://projectprotech.ca/working-together/staying-connected/>.

## Para sa iba pang impormasyon, kumunsulta sa mga sumusunod na organisasyon para sa komunidad:

- Tsino-Canadian Pambansang Konseho para sa Katarungang Panlipunan (Chinese Canadian National Council for Social Justice): <https://ccncsj.ca/>
  - Pangkat ng Toronto: <https://ccnctoronto.ca/>
- Pang-komunidad na Ligal na Edukasyon sa Ontario (Community Legal Education Ontario (CLEO)): <https://www.cleo.on.ca/en>
- Koreano na Ligal na Klinika (Korean Legal Clinic): <https://koreanlegalclinic.ca/>
- Pandemya Mabilis-tumugon Pag-optimize upang Pagandahin ang Pagiging Matatag ng Komunidad at Kalusugan (Pandemic Rapid-response Optimization to Enhance Community Resilience and Health (PROTECH)): <https://projectprotech.ca/>
- Pag-kilos, Sama-samang Tsino-Canadians (Action, Chinese Canadians Together): <https://acctfoundation.mn.co/feed>
- Tsino at Timong Silangang Asyano Ligal na Klinika (Chinese and Southeast Asian Legal Clinic): <https://csalc.ca/>
- Sentro para sa Ligal at Suporta sa Karapatang Pantao (Human Rights Legal Support Centre): <https://www.hrlsc.on.ca/en/welcome>

